# Kalayaan

UPISYAL NA PAHAYAGAN NG KABATAANG MAKABAYAN

ENERO-MARSO 2021





EDITORYAL

## BIGUIN ANG PASISTANG LAGIM NG REHIMENG DUTERTE! ISULONG ANG DIGMANG BAYAN!

Ipinagdiriwang ngayon ng lahat ng rebolusyonaryo, patriyotiko, at mas malawak pang hanay ng mamamayang Pilipino sa loob at labas ng bansa ang ika-52 taon ng pagkakatatag ng Bagong Hukbong Bayan (Hukbo), ang hindi pagagaping Hukbo ng masang api. Ang mahigit limang dekadang pagpupunyagi ng rebolusyonaryong kilusan—at laluna ng armadong pakikibaka—ang hindi matatawarang patunay na tinatahak ng pambansa demokratikong rebolusyon ang wastong linya, sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas (Partido) at gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo (MLM).

Ang ika-52 taon ng Hukbo ay patunay na nagpapatuloy ang aktibong paglahok ng masang Pilipino sa siglo ng paglaban para sa tunay na katsarinlan at makatarungang kapayapaan. Ang ika-52 taon ng Hukbo sa ilalim ng tirano ni Rodrigo Duterte ay paalalang walang traydor, mamamatay-tao, kurap, at inutil na pangulo ang kayang gumapi sa paninindigan at kapasyahan ng mamamayang nagkaisa.

Ang selebrasyong ito ang pinakaangkop na panahon para alalahanin at parangalan ang lahat ng kabataan na nag-alay ng pinakamalaking sakripisyo para sa pagsulong ng rebolusyon. Sila ang mga martir na panghabambuhay magiging tanglaw ng buong sambayanan sa buhay-at-kamatayang pakikibaka para sa tunay na kalayaan. Ang mga pangalan nina Jo Lapira, Pamela Peralta, Justine Vargas, Zyra Ligad, Jevilyn Cullamat, Jay ar Mercado, Andrea Rosal, Wendell Gumban, John Carlo Alberto—at ng lahat ng singgiting at sing-dakila nila—ay nag-iwan ng alaalang hindi papanaw sa kolektibong diwa at isip ng lahat ng mga kabataang makabayang sumusunod.

At tulad nila, pinagpupugayan ng mamamayan ang militanteng kabataan na iniwan ang pamumuhay sa ilalim ng burgis na sistema para suungin ang landas ng digma at puspusang pagpapanibagong-hubog. Bilang mga Pulang Mandirigma sa Hukbo, sila'y nag-alay ng lakas, pawis, panahon, dugo, at buhay para maging instrumento sa pagpapalakas ng armadong pakikibaka sa kanayunan.

Nagsisilbi ring palagiang inspirasyon sa masa ang mga magulang, anak, kapatid, at kaibigan ng mga kasamang Hukbo na kalauna'y buong-buong niyakap ang landas ng pakikibaka at naging mga magulang, anak, kapatid, at kaibigan ng rebolusyon. Sila ang numerong unong pruweba na ang kapasyahang lumahok sa armadong pakikibaka ptara sa mga rebolusyonaryong adhikain—taliwas sa kasinungalingan ng reaksyunaryong estado—ay isang dakila at makabuluhang kapasyahan.

Walang anumang porma ng panlalansi o paninibasib ng rehimeng Duterte ang makagagapi sa diwang palaban ng mamamayan. Sa halip, hindi titigil at higit na babaha ang mga kabataan patungo sa kanayunan—mga bagong Hukbo na tatangan ng mga armas na nabitawan at magpapatuloy ng mga lakarang naudlot—hanggang sa pagtatagumpay ng digma.

Sa pagpatak ng bawat segundo ay kasabay nito ang pagdaluyong ng daan-daan hanggang libu-libong bagong hanay ng kabataan na handang makibaka para sa panlipunang katarungan at tunay na kapayapaan. At sa bawat araw na lumilipas ay lalong nagiging desperado si Duterte at ang kanyang mga kasapakat na manatili sa estado poder.

Sa buong termino ni Duterte, limpak-limpak na pondo ang inilaan, nagastos, at nakahandang iwaldas pa ng rehimen sa pasismo, tiraniya, at kurapsyon. Nitong nakaraang taon, sa kasagsagan ng pandemya ay gumastos ng ₱2.4-bilyon ang gubyerno para sa mga bomba mula sa Israel. Sumunod ito sa pag-apruba ni Duterte ng ₱75-bilyon para sa mga helicopter, missiles, at iba pang gamit panggera. Hindi nagtagal ay tinakdaan ang pagpapalobo ng badyet ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict mula sa ₱622.3-milyon sa 2020 patungong ₱19.1-bilyon para ngayong taon.

Hindi nakapagtataka, pagpasok ng taon ay mabilis pa sa kidlat na inaprubahan ni Duterte ang pagbili ng 15 Black Hawk na mga helicopter sa may tinatayang halaga ng ₱11.7-bilyon. Ito ay sa kabila ng malaking pangangailangan sa edukasyon at usaping pangkalusugan at medikal dala ng

lumalalang krisis ng pandemya. Lalong nakakabahala, ang kabuuang pondong inilaan ngayong taon para sa militar at pulis ay nasa ₱393-bilyon habang ang inilaan para hindi kapantay na sa usaping pangkalusugan ay ₱131-bilyon lamang.

Ang pondong ito ang mga haligi na sumusuporta sa pasistang lagim ni Duterte; kabilang dito ang napakaraming kaso ng pagpaslang, pananakot, at iba pang kaso ng paglabag sa karapatang pantao. Mula sa mga kaso ng abuso at pagpatay sa nakaraang taon—matatandaan sina Julius Giron, Randall Echanis, Agaton Topacio, Eugenia Magpantay, Alvin Luque, Baby River, Zara Alvarez, Jory Porquia, at iba pa.t

Pagpatak ng bagong taon ay walang pahinga ang terorismo ng estado na nasubaybayan ng sambayanan sa kaso ng pagkamatay ni Baby Carlen, panggigipit ng estado sa mga Aeta na nagpetisyon laban sa terror law, reyd at iligal na pagdakip sa mga estudyanteng Lumad sa bakwit school sa Cebu, at ang masaker at iligal na pang-aaresto sa Timog Katagalugan at Gitnang Luson.

Tuloy-tuloy din ang ayuda at tulong militar—sa porma ng mga armas, treyning, at iba pa—ng US sa bansa. Mula sa US76-milyon o ₱3.6-bilyon na bigay ng US noong 2017, tumaas ito ng triple at naging US$216-milyon o ₱10.5-milyon sa 2019. Hanggang sa kasalukuyan ay patuloy na binebenta ni Duterte ang kalayaan at pagpapasya ng bansa; ipinagpapalit ang teritoryo (mga base militar) at soberanya (mga palisiyang maka-US) para sa mga pautang at suportang militar at pulitikal.

Nagbuno rin ang rehimen sa pasistang militarisasyon sa kanayunan. Sa kasalukuyan ay nasa mahigit 40 brigada ng kasundaluhan at 9,000 kabuuang bilang ng Citizen Armed Forces Geographical Units (CAFGU) ang ang nakalatag sa buong bansa—na may pagdidiin sa walong rehiyon—upang tangkang gapiin ang Hukbo bago magtapos ang termino ni Duterte. Ngunit, gaya ng kanyang mga naunang deadline, tiyak na haharap lamang ito ng matinding kahihiyan at pagkatalo.

Kakambal ng bumabahang badyet para sa pasistang lagim ay milyon-milyon rin ang inilalaan ni Duterte at ng kanyang mga alipores para sa paghahanda sa 2022 Presidential Elections. Mula pa lang sa pag-upo ni Duterte sa poder noong 2016 ay nagkaroon ng biglang pagsirit ng pondo para sa Intelligence at Confidential Funds ng Office of the President (OP). Nitong nakaraang taon hanggang ngayon ay nasa nag-uumapaw na ₱4.5-bilyon ang badyet nito. Siguradong tinitiyak na ng rehimen ang pagpapanalo ng damuhong anak ni Duterte na si Sara, o ng sinumang magpapatuloy ng kanyang tiraniya.

Nilalamon ng kainutilan at katrayduran ng rehimen ang kinabukasan ng mamamayan. Kahit sa gitna ng isang pandemya at malalang krisis, nananatiling numero-unong sagka sa pagsasakatuparan ng mga batayang pang-ekonomikong adhikain ng mamamayan ang grabeng pasismo at kurapsyon ni Duterte.

Dapat lalong igiit ng masang hikahos ang kanyang karapatan sa panahon ng isang pandaigdigang krisis at pandemya. Higit kailanman, mahalagang matugunan ng estado ang pangangailangan ng kabataan ng makubuluhan at dekalidad na edukasyon. Hindi sasapat at hindi makatarungan na ipasa sa mamamayan ang obligasyon ng estado na maglaan ng rekurso at pondo para sa edukasyon ng kabataan.

Dapat pagbayarin ang rehimeng Duterte sa pagpapabaya nito sa mga manggagawang Pilipino. Lubhang nakadidismaya at nakagagalit ang kawalang-bahala ng rehimeng Duterte sa higiit na tumataas na bilang ng mga nawalan ng trabaho at pagkakakitaan sa nakaraang taon hanggang sa kasalukuyan. Responsibilidad nito na siguraduhin ang kabuhayan ng masa. Sa usapin ng limitasyon sa paggalaw at pagtatrabaho, tungkulin ng rehimen na magbigay ng ayuda o tulong pinansyal sa mga komunidad, pamilya, o sektor na pinaka-maaapektuhan.

Dapat kalampagin ang reaksyunaryong estado at lahat ng pasistang makinarya nito na agarang ihinto ang red-tagging, pamamaslang, pagpapakalat ng pekeng balita, iligal na pag-aresto at pagdakip sa mga mamamayan, at panlalansi sa sambayanan. Ang badyet ng OP at NTF-ELCAC—imbis na gamitin sa pasismo at mga kasinungalingan—ay dapat ibuhos ng rehimen sa usaping pangkalusugan, edukasyon, at trabaho.

Dapat singilin ng masaang lantarang pagpapakatuta ni Duterte sa agresyon at panghihimasok ng China sa teritoryo ng Pilipinas. Habang ang malalaking mga barko at sasakyang pandigma ng China ay pumapalibot sa bansa, ang militar ni Duterte ay ntanggigipit ng mamamayan sa mga lansangan sa kalungsuran, o hindi kaya'y namomomba ng mga sakahan at nanghaharas sa mga magsasaka at pambansang minorya sa kanayunan.t

Para mabigyang-solusyon ang mga problemang dulot ng pandemya, krusyal na mawakasan ang pasistang lagim at walang hanggang kurapsyon at kasakiman ni Duterte at ng mga kasapakat niya.

Ngayon ay higit na matingkad ang kawastuhan at kahalagahan ng pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng digmang bayan. Ang pag-iral ng naghaharing mapang-api na sistema ang puno't dulong sagabal sa pag-usad, pagkamit ng mga demokratikong karapatan, at pagkakaroon ng tunay na kasarinlan ng masang Pilipino.

Malaki ang hamon ng kasaysayan sa lahat ng kabataang makabayan sa buong daigdig: ubos-kayang isulong ang pambansa demokratikong rebolusyon tungo sa mas mataas na antas!

Walang puknat na ilahad ang pagpapabaya at kapalpakan ni Duterte at ng kanyang buong gabinete sa pagharap at pagsugpo sa Covid-19. Pabulaanan ang tangkang panlilinlang at panlalansi ng rehimen sa mamamayan gamit ang ilusyon ng pag-unlad o paghupa ng krisis. Singilin ang pagpapakalat nito ng hindi siyentipikong mga ulat o payo ukol sa pandemya na lalo lang nagpapahirap sa mamamayan.

Matapang na sagupain ang mga kasinungalingang ipinalalaganap ng reaksyunaryong estado laban sa rebolusyonaryong kilusan. Sa halip, ilantad ang lahat ng krimen at paglabag ng rehimen sa batas ng makatarungan at makataong pakikidigma.

Pakilusin ang libo-libong mga kabataan upang gampanan ang panawagang maging edukador at organisador sa malawak na hanay ng mamamayan—lalo't higit sa mga sentro ng paggawa at komunidad ng batayang masa. Kolektibo at nagkaisang harapin at suungin ang paninibasib ng rehimen sa lahat ng pamamaraan.

Organisahin ang laksa-laksang bilang ng kabataan at mamamayang sawang-sawa na sa mga rehimeng ginagawang negosyo ang terorismo, kurapsyon, at pagkakait ng karapatan ng masa. Mapagpasyang tanganan ang pakikibaka ng batayang masa at padagundungin ang pagkakaisa ng sambayanan.

Ganap na isakatuparan at pagtibayin ang responsibilidad ng Kabataang Makabayan na magsilbing balon ng lakas at suporta para sa Hukbo. Pakilusin ang pinakamaraming demokratiko at patriyotikong mamamayan para sa mas malawak na lambat ng suporta para sa rebolusyonaryong kilusan. Palakasin ang mga rebolusyonaryong organisasyon ng mamamayan sa kalungsuran at kanayunan.

Higit sa lahat, dagat-dagatang magpasampa ng kabataan sa Bagong Hukbong Bayan para sa pagsulong ng digmang bayan at pag-agaw sa kapangyarihan ng iilan at naghaharing mapagsamantala. Tanganan ang armas ng mga rebolusyonaryong nagdaan at militanteng bawiin ang libo-libo pang armas ng reaksyunaryong armadong pwersa. Lumahok sa pinakamataas na antas ng pakikibaka at imartsa ang pambansa demokratikong rebolusyon tungo sa ganap na tagumpay.




## NILALAMAN

| | |
|---|---|
| Editoryal: Biguin ang pasistang lagim ng rehimeng Duterte! Isulong ang digmang bayan! | 1 |
| Pagbati sa 52 taon ng rebolusyonaryong pakikidigma para sa karapatan, kalayaan, at kagalingan ng masang api | 3 |
| Pagbabalik sa Inang Lupa (isang tula) | 3 |
| Hamon ng Ating Panahon: Mensahe ng NPA-Romulo Jallores Command para sa KM | 4 |
| Pagbayarin ang rehimeng Duterte para sa masaker sa Timog Katagalugan | 4 |
| Pagputol sa UP-DND Accord, hakbang tungo sa higit pang abuso ng pulis, militar | 4 |
| Singilin ang rehimen sa patuloy na pagpapabaya at abuso sa gitna ng pagsirit ng kaso ng Covid-19 | 5 |
| Reyd, pagdakip sa Lumad bakwit school sa Cebu, kinundena ng Kabataang Makabayan | 5 |
| Mensahe ng pakikiisa para sa Pandaigdigang Araw ng Kababaihang Anakpawis 2021 | 6 |
| Komiks mula kay Aratiles, mga larawan, at iba pang likhang sining | 6 |



## PAGBABALIK SA INANG LUPA

Tag-init, babad sa araw at nanlalagkit,
naging malamig nang umagos ka sa daigdig.
Salubong ay yaong buong mainit at may pagkalinga
Siyam na buwang hinele nitong lupang nag-aaruga.

Kahit na maging ano ka man,
maging rumaragasang daluyong,
o isang bukal na nagkukubli,
umaagos ka sa akin,
nagmula ka sa akin.

Itatago kita minsan,
Ika'y aking tangan
iginugunom sa dumi, sa alikabok, sa buhangin,
pero kahit anong pagsangga ko, sisingaw ka pa rin.

Nang masilayan mo
ang lagablab ng bolang apoy,
tumingala ka at natigatig,
Nagngitngit nang maaninag,
ang naninikil na init ng paligid
na niyuyurakan ang dangal
ng mga punla, ng mga hardin.

Itinatangis mo ang poot at katarungan,
pagkilos mo'y naging atubili laban sa kabuhungan.
Rumagasa ang ningas ng
mapagpalaya mong agos.
Lumihis at dumaluhong ka sa lusak
kasama ng mga dugo sa karit na dumanak.

Kaya kahit na nagmula ka sa akin,
Ika'y lilisan,
Ika'y aalpas,
Ika'y sisingaw paitaas,
sa labanang kay-init ka sumuong,
saka sisimsimin ng karima-rimarim na initang ulupong.

Sa pamimitak ng araw at takipsilim,
sa pagtabon ng asul sa nangingilaw na kalangitan,
mangungulimlim ang paligid.
aabangan ko ang pagpatak mo,
hihintayin ko na ang pagbagsak mo.

Subalit,
mapaniil ang tag-tuyot.
nanunuligsa ang hanging ligaw.
Walang habag ang maalinsangang panahon,
inuusig ang bawat patak na mayroon ka.
Matutuyo ka nang walang may malay.
lamig mong hinanap— kinailangan,
ngayo'y tinangay— nawaglit.

Mapupuno ng agam-agam
magugulumihanan,
mababalisa.
Talulot dahan-dahang nahulog,
tag-sibol unti-unti nang naudlot.

**Para sa lahat ng pamilya ng mga nag-alay ng buhay sa pakikibaka.**

# PAGBATI SA 52 TAON NG REBOLUSYONARYONG PAKIKIDIGMA PARA SA KARAPATAN, KALAYAAN, AT KAGALINGAN NG MASANG API

Pinakamataas na pagpupugay ang inihahandog ng Kabataang Makabayan (KM) sa pagsalubong sa ika-52 taon ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)—mahigit limang dekada ng sakripisyo, pagpupunyagi, at pagsulong para wakasan ang imperyalismo, pyudalismo, at burukrata kapitalismo.

Sa loob ng 52 taon—sa ilalim sa gabay ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP)—ang BHB ang nagsilbing armas ng mamamayan laban sa pang-aapi at pagsasamantala ng reaskyunaryong estado. Mula sa militarisasyon ng mga komunidad, pandarahas sa pambansang minorya, iligal na panghihimasok at pangangamkam ng lupa ng mga malalaking kumpanya sa pagmimina at mga paninoong maylupa, hanggang sa malawakang paninira sa kalikasan, ang BHB ang tumayong una at at huling depensa ng masa sa kanayunan.

Hanggang sa kasalukuyan—sa pagharap sa pasistang lagim ng rehimeng Duterte—walang humpay ang puspusang pakikibaka ng mga Pulang Mandirigma at Kumander laban sa terorismo ng estado.

Kaya naman, hindi nakapagtatakang mula nang maupo sa pwesto si Duterte noong 2016, naging pangunahing adyenda ng kanyang rehimen ang tangkang paglansag sa rebolusyonaryong kilusan.

Malinaw kay Duterte at sa kanyang mga heneral na malaking banta sa kanilang pananatili sa poder ang tuloy-tuloy na paglakas ng Hukbo ng mamamayan. Lalong malinaw sa kanila na sa tatag ng suportang masa na nararanasan ng Hukbo —kakabit ng pagkabihasa nito sa paggamit sa taktikang gerilya sa pakikidigma—hindi malulupig ng anumang abanteng mga armas o teknolohiya sa gera ang BHB.

Sa halip, ibinubuhos ng teroristang rehimeng Duterte ang lakas, oras, at limpak-limpak na pondo nito sa paninira at panlalansi sa mga rebolusyonaryong organisasyon, kakambal ng pagtugis at pagsupil sa ligal na mga pangmasang organisasyon.

Ginagawang pangunahing target ng pasismo ang mga lider masa na tumatayo bilang nagkakaisang boses ng masang api. Lahatang panig na ginigipit at iniipit ang mga grupong naglalayong organisahin ang pinakamalawak na hanay ng mamamayang yamot sa kapalpakan at karahasan ni Duterte. Pinararatangang mga rebolusyonaryo ang mga sibilyan habang tuloy-tuloy ang pamamaslang sa kanila ng estado sa lilim ng gabi. Walang tigil ang paninibasib ng rehimen sa bawat antas at aspeto ng buhay ng mamamayang Pilipino.

Sa kabilang banda, samu't sari rin ang kahangalan na pinaandar ng rehimen laban sa Partido at Hukbo. Naglulunsad ng kampanyang "persona non grata" at sapilitang "peace rally" sa masa. Pwersahang pinasusurender ang mga sibilyan bilang miyembro o tagasuporta ng BHB. Dinudungisan ang alaaala ng mga martir ng sambayanan na nag-alay ng pinakamalaking sakripisyo para sa rebolusyon. Binabansagang terorista ang mamamayang nakikibaka para sa kanilang karapatan.

Maging sa kasagsagan ng krisis at pandemya ay binubuno ni Duterte ang kanyang kapangyarihan sa tunguhing ito. Gayunpaman, malinaw sa masang Pilipino kung sino ang tunay na terorista, at sino ang tunay na naglilingkod sa sambayanan.

Ang ika-52 taon ng BHB ay paalala at patunay na nananatiling wasto ang linya at tunguhin ng digmang bayan at pangkabuuang programa ngt pambansa demokratikong rebolusyon.

Ang mainit na pagtanggap at pagyakap ng masa sa kanayunan sa kanyang Hukbo saanman ito maparoon ay nagpapakita na hindi mabubura ng anumang kasinungalingan ng rehimen ang ilang dekadang makatarungang pakikidigma at pakikibaka ng Hukbo at Partido. Kasabay nito, ang lalong lumalakas na rebolusyonaryong kilusang lihim hanggang sa kalunsuran ay pruweba na mas matingkad pa rin ang ulyaw ng rebolusyon kahit sa mga sentro ng kapangyarihang pampulitika ng estado.

Sa pamamagitan ng armadong pakikibaka ng BHB—at sa suporta ng baseng masa—tuloy-tuloy na maglulunsad ng agraryong rebolusyon sa kanayunan, mula minimum hanggang maksimum, na siyang daan patungo sa tuluyang pag-agaw ng pampulitikang kapangyarihan mula sa naghaharing iilan.

Sa pag-igting ng terorismo ni Duterte, ang Hukbo rin ang mapagkakatiwalaan na maghatid ng tunay na hustisya at kabayaran ng mga berdugong may inutang na dugo sa masa. Gayundin, maaasahan ang mga larangan at yunit ng BHB na magsilbing kanlungan at magbigay ng agarang kaligtasan sa mga mamamayang tinatarget ng rehimen.

Sa pagdiriwang ng anibersaryo ng BHB ngayong araw, pinararangalan at pinagpupugayan ng KM ang lahat ng rebolusyonaryong martir na nag-alay ng buhay, pawis, at dugo para pandayin ang daan patungo sa tagumpay ng mamamayan.

Salungat sa pangyuyurak ng rehimen, kayo ang mga bayani na habambuhay pakamamahalin ng masang inyong pinaglingkuran. Ang buhay ninyo ang halimbawa na titingalain ng mga kasama at itatanghal na modelo ng buong-buong rebolusyonaryo at komunistang pakikibaka. Ang alaala ninyo ang kwentong laging dadampi sa mga labi at isip ng bawat mamamayang naghahangad ng kanilang demokratikong mga karapatan at tunay na kalayaan.

Hindi mababago ng anumang panlilinlang ng reaksyunaryong estado ang mayamang kasaysayan ng pakikibakang ito ng masang api. At sa paglala ng krisis sa lipunang malakolonyal at malapyudal, lalo rin lamang lalakas ang pwersa ng rebolusyonaryong Pilipino.

Tinatawagan ng KM ang lahat ng demokratiko at patriyotikong kabataan na sagpangan ang hinog na kalagayan para sa pagbabalikwas: dagat-dagatang tumungo sa kanayunan at tumangan ng armas!

Ipagbunyi ang mga tagumpay ng Hukbo ng masa at makiisa sa paglikha ng panibagong mga pagsulong sa digmang bayan!

Lumahok sa pinakamataas na antas ng pakikibaka at imartsa ang pambansa demokratikong rebolusyon tungo sa ganap na tagumpay!

## MABUHAY ANG BAGONG HUKBONG BAYAN!

# HAMON NG ATING PANAHON

**Mensahe ng NPA-Romulo Jallores Command para sa KM**

Totoo… hindi naranasan ng kasalukuyang kabataan ang makahayop na brutalidad at malaaliping kapalaran sa kamay ng kolonyalismong Espanyol. Hindi na rin nila lubos na maisip ang kabangisang kinaharap ng milyon-milyong Pilipino sa pananakop ng Estados Unidos at Hapon. Para sa kanila, malabnaw na alaala na lamang ang bangungot ng diktadura at batas militar ng pamilyang Marcos at kanilang mga kroni.

Pero tulad ng lahat ng kabataang ilinuluwal sa iba't-ibang panahon ng pagsasamantala at pang-aapi, iminulat sila ng kanilang sariling danas at kanilang pagbabalikwas.

Sa iba't-ibang yugto ng kasaysayan, hindi nawala ang magiting na paglahok ng kabataan sa paghihimagsik. Hindi maaatim ng kabataan na panoorin lamang ang kanilang mga magulang na nagbubuwis ng pawis at dugo upang bigyang hugis ang isang maaliwalas na bukas. Dama din ng kabataan kung paanong, kahit na anong pagsisikap, kahit na anong dagdag pang pagtitiis at pagkayod, unti-unting nawawala nang parang bula ang kanilang mga pangarap. Sa lipunang itong kanilang kinalakhan, pribilehiyo ang pag-alpas mula sa kagutuman at kahirapan.

Anuman ang itatak sa ating henerasyon—insurekto, bandido, katipunero, gerilya, aktibista, o di kaya'y komunista—isa ang mananatiling totoo: na tayo ay mabubuting anak ng bayan na kalahok sa pagbabangon para makamit ang tunay na malaya at makatarungang lipunan.

Kamangmang sa kasaysayan, kung inaakala ni Duterte at ng mga katulad niya—na pinalabo na ng teknolohiya, tiraniya at pagrebisa ng kolektibong karanasan ng lipunang Pilipino—ang kamalayan at adhikain ng kabataan para sa paglaya, pagbabago at rebolusyon.

Kabataan, tara na sa Rebolusyon!

Kabataan, dangugon an agyat kan satong panahon!

**KABATAAN, SUMAPI SA BAGONG HUKBONG BAYAN!**

## Pagputol sa UP-DND Accord, hakbang tungo sa higit pang abuso ng pulis, militar

Isang direktang pagbabanta laban sa buhay, karapataan, at demokrasya ng mga kabataan at estudyante ang ginawa ng estado sa deklarasyon nitong "puputulin" ang UP-DND Accord para sa mas malayang paglabas-pasok ng kapulisan at kasundaluhan sa mga UP campus sa loob ng bansa.

Ang UP-DND Accord ay inanak ng pakikibaka ng kilusang kabataan-estudyante sa pasismo ng militar noong panahon ng Diliman Commune at sa kabuuan ng diktadura ni Marcos. Nagsilbi itong proteksyon hindi lamang ng integridad ng isang pang-akademikong institusyon, pero pati na ng demokratikong karapatan ng mga mag-aaral. Isa itong matingkad na paalala ng militanteng paglaban ng komunidad ng UP sa mga paglabag sa karapatang pantao at krimen ng AFP at PNP.

Sa kabila ng "pagpapatupad" sa Accord nang mahigit 3 dekada, hindi nito napigilan ang mga pasistang elemento ng estado na ilang ulit na ilagay sa alanganin ang karapatan at kapakanan ng mga estudyante sa loob ng mga unibersidad. Noong Hunyo 2020, ilang miyembro ng PNP ang nakuhanang iligal na pumasok ng UP Cebu upang marahas na ipatigil ang isang payapang protesta laban sa noo'y Anti-Terror Bill. 8 ang iligal na inaresto.

Sa marami pang pagkakataon ay mga elemento ng PNP at AFP rin ang naiuuulat na kahina-hinalang nagmamatyag o lantarang nanghaharas ng mga estudyante sa loob ng mismong mga paaralan nila. Ang ilan ay patagong kumukuha ng mga litrato ng mga naglulunsad ng pagkilos sa loob ng campus, habang ang iba ay ginagamit na dahilan ang mga "seminar" para ired-tag ang mga lider estudyante at pang-masang organisasyon ng kabataan-estudyante.

Ang bagong pakana na ito ng rehimen ay nagbabadya lamang ng mas malubha at mas lantarang pasismo laban sa kilusang kabataa-estudyante.



Subsob ang rehimeng Duterte sa pagtarget sa mga kabataan at lider estudyante sa paghahasik nito ng lagim at red-tagging. Hindi na nito maitanggi at grabe na ang pagkabalisa nito sa lalong kumakapal na hanay ng kabataang handa makibaka, at ang kakayahan nitong dalhin sa mas malalaking tagumpay ang rebolusyonaryong pakikibaka ng Pilipinong manggagawa at magsasaka. Dahilan sa pagkatanto ng rehimen na hindi uubra ang mga pagsisikap nilang marekluta at makumbinse ang kabataan, pinapaling na lang nito ang lakas sa pasismo at terorismo.

Malinaw sa estado ang makauring katangian at kapasidad ng kabataan, bilang mga propagandista at organisador ng sambayanan, na maapektuhan ang balanse ng kapangyarihan sa lipunan at maging mapagpasyang pwersa sa pakikidigma ng mamamayan. Walang dudang ito ang nagtutulak kay Duterte, at sa mga pasistang galamay nito, na lalong pakiputin ang mga ispasyo para sa demokratikong pakikitunggali sa kalunsuran.

Subalit, sa panibagong mga atake ng estado laban sa kilusang kabataan-estudyante, ay siguradong higit lamang na darami ang mga kabataan na mag-aasam na makalaya mula sa pasistang pang-aapi ang panggigipit ng reaksyunaryong kapangyarihan. Sa kanilang demokratikong adhikaing itinulak din mismo ng rehimen nila mararating ang kapasyahan na tumangan ng armas sa kanayunan at lumaban sa nag-iisang paraan na natitira—kasama ng Bagong Hukbong Bayan.

## Pagbayarin ang rehimeng Duterte para sa masaker sa Timog Katagalugan

Ka Raymundo Buenfuerza
Tagapagsalita
NPA-Bicol Regional Operational Command
Marso 29, 2021

Sa maskara ng Synchronized Enhanced Management of Police Operations (SEMPO) ng AFP at PNP, koordinadong mga reyd at atake ang isinagawa sa madaling araw ng Marso 7 sa nagresulta sa pagpaslang sa 9 at pag-aresto sa 6 na iba pa sa Laguna, Cavite, Rizal, at Batangas. Ito ay dalawang araw lamang matapos ang utos ni Duterte sa militar at pulis na patayin ang lahat ng "komunistang rebelde."

Sa nagdaang mga linggo ay walang humpay ang red-tagging at pagbabanta ng estado sa iba't ibang mga progresibong grupo sa buong bansa—mula sa pagpaslang sa upisyal ng barangay na naglabas ng katotohanan ukol sa Tumandok masaker, hanggang sa pagbabanta ng kampanyang mala-Tokhang laban sa hinihinalang mga komunista sa Cordillera at kasunod na pangangampanya ng PNP na ideklarang "persona non grata" ang ilang mga organisasyon sa rehiyon.

Wala itong pinagkaiba sa mga teroristang pakana ng pasistang alipores ni Duterte na si PNP Chief Debold Sinas. Nagsimulang lumaganap ang ganitong uri ng sunod-sunod na mga extrajudicial killing laban sa mga aktibista noong termino ni Sinas sa Central Visayas. Bilang hepe ng berdugong makinarya ng rehimen ngayon, hindi mapantayan ang kasahulan ng mga karimarimarim na paglabag sa karapatang pantao na nagaganap sa buong bansa.

Katambal nito, nakabibingi ang kumpas ng NTF-ELCAC na numero unong salarin sa mga kaso ng red-tagging at pamemeligro sa masa. Dapat panagutin ng mamamayan ng TK si Lt. Gen. Antonio Parlade Jr. bilang Southern Luzon Command (Solcom) Chief at tagapagsalita ng NTF-ELCAC. Si Parlade ay isa sa mga nangungunang tagapamandila ng malisyosong mga akusasyong walang basehan at ebidensya laban sa mga pang-masang organisasyon.

Ang mga karumal-dumal na krimeng ito ng estado ay patuloy na manipestasyon ng pagkabalisa ni Duterte sa nalalapit na pagtatapos ng kanyang termino. Nagkukumahog siya sa pagpapatindi ng kanyang pasistang lagim sa layuning mapagtibay at maselyuhan ang paghalili sa kanya sa pwesto ng isa sa mga miyembro ng kanyang pangkatin.

Alam ni Duterte na anumang tapang ng pagbabanta ay hindi nito magagawang durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan. Bakus, gamit ang Anti-Terror Act ay pinagtatakpan ni Duterte at ng mga heneral niya ang kabulukan ng rehimen sa pamamagitan ng pamumuntirya sa mga ligal na pang-masang organisasyon at patriyotikong mamamayan na sawa na at walang humpay na nakikibaka laban sa terorismo ng estado.

Sa lalong pagsidhi ng krisis pang-ekonomya at kaakibat nitong pagkayamot ng masang Pilipino, siguradong lulubha din ang terorismo ng rehimeng Duterte. Sa panahon ng ligalig, makasaysayan ang tungkilin ng lahat ng demokratikong kabataan at mamamayan sa pagpapatalsik kay Duterte at pagpapanalo ng laban ng kilusang masa.

# SINGILIN ANG REHIMEN SA PATULOY NA PAGPAPABAYA AT ABUSO SA GITNA NG PAGSIRIT NG KASO NG COVID-19




Habang ang mamamayang Pilipino ay hindi na maatubili sa pagkabahala dahilan sa patuloy na tumataas na kaso ng Covid-19 sa loob ng bansa, si Duterte at ang kanyang mga kasapakat ay patuloy lamang na itinatanggi ang malubhang kalagayan na dinaranas ng bayan. Sa halip, abala ang mga ito sa pagkakamal ng mas malaking pondo bilang paghahanda sa 2022 pambansang halalan, at paglulunsad ng madugong kampanya ng lagim at pasismo sa buong bansa.

Sa ikalawang bahagi ng Marso ay nakita ng mamamayang Pilipino ang grabe at mala-biglaang pagtaas ng bilang ng kaso ng Covid-19 sa buong bansa. Mula sa pagpatong nito ng 5,000 noong Marso 13—bilang na huling naitala noong Agosto 2020—tuloy-tuloy na at walang pagbaba ang mga kaso hanggang sa pumalo ng sobra 15,000.

Pahirapan na maghanap ng ospital na may bakanteng kama sa buong NCR at mga karatig probinsya. Sa kabila ng dami ng mga namatay dahilan sa Covid-19, wala pa ring kongkreto at siyentipikong aksyon ang rehimen para pigilan ang lalong pagdami ng bilang ng mga nasawi. Ang kalagayan ngayon ng bansa ay mas malala pa kung ihahambing sa unang dagsa ng mga kaso noong 2020.

Sa kabila nito, nananatiling balewala ang sitwasyon sa rehimeng Duterte.

Imbis na tugunan ang pandemya, pinadadala ni Duterte ang kanyang mga kanang-kamay para salagin at pasinungalingan ang mga puna at panawagan ng mamamayan, at sa halip ay ibaling sa kanila ang sisi at responsibilidad sa nangyayaring krisis. Ang kanyang mga alyadong pulitiko ay nakatatanggap ng ispesyal na pagtrato sa usapin ng bakuna kontra Covid-19. Ang kapulisan at militar ay gumagala sa lansangan nang may kalayaang abusuhin ang kanilang awtoridad at kapangyarihan sa pamamagitan ng loctkdown. Ubos-kaya ang mga pagsusumikap ng rehimen na durugin ang mga kritiko nitong mga aktibista at pang-masang organisasyon.

Habang ang masa ay nagsusumamo para sa ayuda, si Duterte ay mas binigyang prayoridad ang pag-aruga sa malalaking negosyo at korporasyon. Pinirmahan niya kamakailan ang CREATE act—isang batas na magpapababa sa buwis na sinisingil sa mga negosyo o corporate income tax—na siguradong higit lang na maghihikayat ng pagpasok ng mga dayuhang kapitalistang mamumuhunan sa bansa.

Kasunod ng TRAIN law na dahilan ng lalong paghihirap ng masa simula 2017, ang CREATE law ay maaasahan lang na lalong palawigin ang pang-ekonomikong pagitan ng mayaman at mahirap—isang bagay na, sa gitna ng pandemya, ay lalo lamang magdadala ng kahirapan at gutom sa mamamayan.

Malinaw na walang ibang plano si Duterte kung hindi gatasan pandemya para lalong magkamal ng supertubo para sa kanya at kanyang mga kasapakat. Samantala, ang masa ang nagbabayad.

Gayundin, walang humpay ang gera ng panunupil ng rehimen. Matapos ang masaker at serye ng iligal na pang-aaresto sa mga aktibista at organisador mula Cavite, Laguna, Batangas, at Rizal, target na rin ngayon ng mga berdugo ni Duterte ang mga probinsya ng Occidental at Oriental Mindoro. Matapos personal na bisitahin ni Debold Sinas—hepe ng pasismo at numero-unong mamamatay-tao sa PNP —ang PNP-MIMAROPA, agad na nagsimula ang paniniktik sa mga estudyante at kabataang aktibista ng mga elemento ng estado sa rehiyon.

Sa isang sulat para sa mamamayan ng Mindoro, inilahad ni Ma. Patricia Andal, tagapagsalita ng NDF-Mindoro, ang kahalagahan na magkaisa ang masa laban sa mga elemento ng pasismo na magtatangkang gumawa ng krimen laban sa mga Mindoreño.

Hindi lamang sakit o ang Covid-19 ang kinatatakutan ng masa. Higit na malaking banta sa buhay nila at ng kanilang mga pamilya ang pasistang lagim ni Duterte. Ang kanyang walang hangganang pagkasabik sa kapangyarihan ay nagbabadya ng mas malupit na hinaharap para sa mamamayang Pilipino. Habang ang rehimeng Duterte ay patuloy na ginagamit ang pandemya bilang maskara para itulak ang pampulitika at pang-ekonomyang mga interes nito, lalo lang lulubha ang sitwasyon.

Ang kasalukuyang kalagayan ng bansa at ay isang malinaw na panawagan: biguin ang pasistang lagim ni Duterte para malutas ang paghihirap ng masa sa panahon ng pandemya!

Dapat pagbayaran ng rehimen ang kriminal nitong kapabayaan sa gitna ng pandemya, kasabay ng walang kahiya-hiya nitong kurapsyon at abuso na lalong nagpabagsik sa krisis na pinapasan ng masa. Habang si Duterte, ang kanyang mga heneral, at kanyang mga alipores ay nananatili sa estado poder, walang maaasahan ang mamamayan kung hindi parehong mukha ng kurapsyon at panunupil.

Dapat magkaisa ang lahat ng patriyotiko at demokratikong kabataan sa pakikibaka laban sa tirano ng lagim ni Duterte. Padagundungin ang lansangan sa protesta at pagtuligsa! Pabagsakin ang pasistang rehimen!

Tumungo sa kanayunan at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!

Makibaka para sa makasama, siyentipiko, at dekalidad na programang pangkalusugan!

Pagbayarin ang mga pasistang berdugo para sa mga krimen laban sa mamamayan!

Isulong ang pambansa demokratikong rebolusyon hanggang tagumpay!

## Reyd, pagdakip sa Lumad bakwit school sa Cebu, kinundena ng Kabataang Makabayan

Kaisa ang Kabataang Makabayan sa masang Pilipino na nagpupuyos sa galit sa lantaran na panghihimasok ng rehimen sa isang institusyong pang-edukasyon para mandahas ng mga kabataan, guro, at nakatatandang Lumad na miyembro ng paaralang bakwit sa University of San Carols (USC) Talamban Campus sa Cebu.

Nasa 26 na mga indibidwal ang iligal na dinakip ng mga pwersa ng estado sa raid na nagmaskarang "rescue operation." Mula sa 26, pito ang nananatiling nakakulong dahil sa mga gawa-gawang kaso isinampa.

Ang paglabag sa karapatang pantao na ito ay bahagi ng nagpapatuloy na pag-atake ng rehimeng Duterte sa pambansang minorya na simula't sapul ay militanteng tumitindig para sa kanilang mga demokratikong adhikain laban sa pangangakam ng lupa at militarisasyon sa kanilang mga komunidad.

Nitong nakaraang taon, hindi matatapatang lagim ang inihain ng pasistang rehimeng Duterte sa kanayunan. Siyam na magsasakang Moro ang pinaslang ng PNP sa North Cotabato; isang lider Manobo ang pinugutan ng ulo sa Magpet; nakaranas ng grabeng pamamaril, panghaharas, at iligal na mga pagdakip ang mga Igorot bunsod ng okupasyon ng militar sa kanilang komunidad; malubhang tortyur ang sinapit ng mga Aeta sa Zambales sa kamay ng 7th Infantry Division (7ID)—ang parehong mga Aeta rin ang unang kinasuhan sa ilalim ng Anti-Terror Act ni Duterte; at masaker at maramihang pang-aaresto ang dala ng NTF-ELCAC at AFP sa mga Tumandok sa Capiz.

Sa parehong panahon, walang puknat ang pang-aabuso, pamomomba, at pananakot ng kasundaluhan sa mga Lumad sa Mindanao.

Ito ay pangahas na atake hindi lamang sa karapatan ng mga estudyante Lumad, kung hindi pati sa integridad ng USC. Matapos ang pagdedeklara ng DND na kakanselahin ang UP-DND accord, patunay lamang ito sa kung gaano kahanda ang estado na abusuhin ang kanyang kapangyarihan upang yurakan ang demokrasya ng mamamayan at sementuhin ang tiraniya nito.

Walang santuwaryo ng karapatang pantao sa ilalim ng pasistang rehimeng Duterte.

Singilin si Duterte para sa pandarahas sa pambansang minorya!

**Pahayag ni Maria Laya Guerrero ukol sa pambabanta ni Debold Sinas sa estudyanteng Lumad na iginiit ang kanyang karapatan batay sa Miranda rights:**

"Sa mata ng estado, kung kaya mong igiit ang mga karapatan mo, NPA ka. Bakit? Una, porma ito ng pang-iipit dahil takot silang mamulat at lumaban ang masa.

Pero sa isang banda, alam din nilang ang NPA, tunay at mulat na gumagalang at nagpapahalaga sa karapatang pantao—bagay na hindi nila magawa-gawa.

Alam din ng rehimeng Duterte na ang masang mulat sa kanyang mga karapatan ay hindi makukumbinse ng fake news at panlalansi laban sa mga rebolusyonaryo. Alam nila na para sa masang mulat, malinaw kung sino talaga ang teroristang naghahasik ng pasistang lagim.

Itigil ang panggigipit sa kabataang Lumad! Palayain ang mga bilanggong pulitikal!

Singilin si Sinas, PNP, at AFP sa iligal na pag-aresto at pagdakip sa mga miyembro ng bakwit school sa Cebu!

Itigil ang karahasan sa pambansang minorya!"

# MENSAHE NG PAKIKIISA PARA SA PANDAIGDIGANG ARAW NG KABABAIHANG ANAKPAWIS 2021

Ngayong Pandaigdigang Araw ng Kababaihang Anakpawis, ipinaaabot ng Kabataang Makabayan ang rebolusyonaryong pagbati nito sa Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA)—ang rebolusyonaryong organisasyon ng militanteng kababaihang Pilipino. Inaalayan din natin ng pinakamataas na pulang saludo ang lahat ng rebolusyonaryo at patriyotikong kababaihan na matapang at militanteng nilalabanan ang pasistang lagim ng rehimeng Duterte.

Simula noong nagdaang taon, naging tampulan ang kababaihan ng walang patid na macho-pyudal na pandudusta, dagdag pa sa lantarang pasismo. Malaon nang kilala bilang panatiko at misoginista, lalo pang pinadami ni Duterte ang kanyang kaaway sa hanay ng mga ina at kababaihan nang hatulan niya ng kamatayan si Baby River—anak ng bilanggong pulitikal na si Reina Mae Nasino—nang sapilitang paghiwalayin si Nasino at ang kanyang sanggol matapos ang pagpapanganank. Hindi pa man nakalipas ang dalawang buwan, itinuon naman ng estado ang interes nito kay Amanda Echanis na tinaniman ng mga pekeng ebidensya at inaresto habang nag-aalaga sa kanyang bagong silang na sanggol. Noong Pebrero ng taong ito, dumagdag pa si Baby Carlen sa listahan ng mga biktima ng rehimen—namatay sa edad na isang buwang gulang nang ihiwalay siya sa kanyang inang si Nona Espinosa tatlong araw pa lamang matapos siyang ipanganak.

Hindi pa nasapatan, lantarang inihambog ng rehimen ang sagadsaring pagkamuhi nito sa buhay at karapatang pantao sa pagpaslang kay Zara Alverez, manggagawang pangkalusugan at kampyon ng karapatang pantao, at Jevilyn Cullamat, medikal ng yunit ng Bagong Hukbong Bayan, na ang labi ay walang kahihiyang nilapastangan ng kriminal sa digma na Armed Forces of the Philippines (AFP).

Sa kabila ng lahat, ipinagbubunyi natin ang buhay at sakripisyo ng mga kababaihang pinili ang landas ng armadong rebolusyon—hindi dahil sa kawalan ng takot, bagkus ay sa katiyakang walang anumang sakripisyo o kahirapan ang makapapawi sa pangako ng tagumpay ng sambayanan.

Ginugunita natin si Andrea Rosal—anak ng dating tagapagsalita ng BHB at PKP na si Ka Roger Rosal—na kagaya nina Nasino at Espinosa, namatayan ng anak bilang bilanggong pulitikal noong 2014. Ipinangako niya ang pagkamit ng hustisya sa ngalan ng kanyang anak at kalauna'y sumapi sa BHB bilang si Ka Naya, at na-martir sa Palawan noong 2020.


Gayundin, ginigiliw natin ang alaala ni Zyra Mae Ligad, o mas kilala bilang Ka Ara sa Southern Mindanao Region (SMR). Dating estudyante ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP), mas pinili ni Ka Ara na mag-aral at maglingkod sa sambayanan kaysa sa oportunidad na inihahapag sa kanya ng buhay bilang isang gradweyt ng kolehiyo. Pinatay siya ng AFP sa isang atakeng panghimpapawid noong Enero 2020.


Pinagpupugayan ng Kabataang Makabayan ang bawat ina, kababaihang anak, at kapatid na kagaya nila Ka Naya at Ka Ara ay na piniling ialay ang kanilang buhay para sa rebolusyon.


Sa kasalukuyan, kumakaharap ang mamamayang Pilipino ng isang hindi mapantayang krisis pang-ekonomya at pampulitika. Habang patuloy na sumisirit ang presyo ng mga batayang bilihin—kagaya ng baboy at gulay—dahil sa kapabayaan ng estado sa pagtugon sa pandemya, doble-kayod naman ang pasistang makinarya sa pagsupil sa kolektibong galit ng mamamayan: ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa kanayunan, at ang kilusang masa sa kalunsuran.


Ang KM ay kaisa ng lahat ng kababaihan na patuloy na nagpupunyagi sa pakikibaka sa loob ng mapang-api at mapagsamantalang lipunan. Sa isang malakolonyal at malapyudal na bayan, nakapataw sa kababaihan ang dobleng kahirapan. Subalit, itinuturo sa atin ng kasaysayan na hindi ito dahilan ng takot at panlulumo—bagkus, mas matingkad na pagganyak sa pagsusulong ng pambansa demokratikong rebolusyon at pagtatagumpay ng digmang bayan.

Makibaka para sa tunay na kalayaan!






Ang awit ng digma ay awit ng pag-ibig.
Walang di nagnasa ng buhay na tahimik.
Ang bawat taong nananandata ay taong nagmamahal.
Ang awit ng digma ay awit ng pag-ibig.

